

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[18 April 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening, my countrymen.

As we are wont to do, we always want to report to the people what we have done during the last few days at what we intend to do. Gusto ko lang din malaman na ano ang mga bagay-bagay na gusto naming gawin para sa ating bayan.

Sa linggong 'to I went to see the damage done by Typhoon Agaton at medyo malalim ang tama rin. As usual there is the destruction of properties and people. Nagpunta ako sa lugar na may mga landslide at nakita ko talaga 'yung bundok na parang hinati doon sa — puro lupa na wala ng kahoy. And I am sad to say to you now that a lot of our countrymen died in that — as a consequence of the typhoon.

At there were some 'yung ano ng mga tao — ang problema hindi ko maano sa inyo 'yung... Well, they are saying that we are still looking for the missing persons until now. Wala na 'yung search and — retrieval na lang pero sabi ko you continue. Maraming natabunan 'yung mga tao at they cannot be accounted for at least individually pero 'yung may wala.

Ang the sad part there is when I went to the hospital. Iyong mga bahay siya na tinamaan. Maraming nawala sa pamilya nila and there was this young boy badly wounded nabati ah — pati 'yung paa nabali. Siya na lang mag-isa. So there were relatives there present but they told me a sad story that eh 'yung tatay, nanay, pati the rest, naano, nawala. Siya lang 'yung buhay na mag-isa. So buti't naman may mga relatives na nandoon at giving the child comfort of his — what he lost in this world.

At ang guidance ko sa mga taga-gobyerno is sa pagkain wala namang problema. Habang may wala pang — hindi pa nakapag-set up 'yung mga tao

normally, we will continue with our 'yung pagkain. Sabi ko for as long as it is needed we will be there for you.

Nagpunta ako ng Leyte. I think I went there on Thursday — on Friday kasi wala ng panahon. Eh alang-alang naman pumunta ako doon one month after. Ang schedule ko for this week talagang puno ako. So I decided to go there sa Capiz — *[Sa ano bang tawag diyan?]* — Black — *[What's the — ? I forgot.]* Black Saturday pati 'yung Good Friday. Good Friday ako sa Capiz, sabi ko wala ng panahon sabi ko sa staff, kay Senator Go, na kailangan pumunta tayo doon even if it's Holy Friday kasi wala naman masyadong tao. Pero sabi ko kailangan na magpakita tayo doon at least to find out also what happened.

So may clip yata. Paki-run ng clip.

[plays video]

[Marinig ba nila ako?] Iyan 'yung inikot muna namin, nag-plane kami papuntang Leyte tapos nag-chopper kami umikot. So there was this meeting with the local and national workers sabi ko na 'yung guidance ko is para sa kanila. Iyan 'yang sabi ko 'yung bata na pumunta ako sa ospital. Puro ito tinamaan ng landslide. I think that's the one — that's the boy na with a broken leg. He was the only — he was the only one who survived in the family. Sad to say. Iyan nag-birthday doon, binilhan ng cake. Iba doon hindi fist, 'yung Korean na parang ganoon, love, love, the love sign. Inuna ko 'yung Baybay because mas marami 'yung casualty nila. And to add, I was born there.

Baha lang 'yung kanila. Nag-groundbreaking kami sa ano nila multi-purpose evacuation center, lahat na, rolled into one. Well, at least na — it was a productive weekend though it was — it happened during the Holy Week.

I'm happy to note that the numbers of COVID-19 cases have gone down considerably and if everything with our vigilance and ever conscious of our safety, we would be able to gain an upper hand in the fight against COVID-19.

But may I just also would like to say something about itong sitwasyon natin. We are not out of danger. We are not out of the woods, ika nga. The COVID-19, originally, has sprouted so many variants.

At hindi natin alam na baka sakali may resurgence kagaya ng ibang countries, which happening now in Japan, China. You would not believe it,

they were the first ones to even have the vaccines at magkaroon sila ng surge na ganoon.

Dito sa atin, mga doktor, tinanong ko sila bakit ganoon. What is there in the Philippines that we're able to, not really overcome — I said, the danger is still there — bakit medyo mababa tayo? And ang sabi ng mga doktor, it's because we maintained the requirement of having a mask. Less, you know... Sa kanila kasi tinanggal nila ang mask kaagad. But you know, ever conscious of the fact that they can, I said, come back the min — the COVID-19 or its variants would come back with vengeance.

Sabi ko nga noon, remember when I asked the Congress that 'yung 250 billion ba 'yun, nasauli na sa Treasury. Sinabi ko na huwag na lang itong galawing amount, leave it as it is as specific money ready if there is another resurgence of the virus. Na huwag na lang galawin sana 'yung pera para pagka dumating nga 'yung ano kung sakali, 'wag naman, pero sakali, may pera available for immediate needs and challenges ng — the financial challenges that would occur during a pandemic again. So 'yan ang ano ko rin sa lahat.

Maganda na tayo but I believe in the statement of many persons, doctors, and professionals alike, medical persons that the one good thing that happened dito sa atin is that we were able to maintain 'yung mask.

So ako, there is no way of telling really that we are, I said, okay na. Hindi pa tayo. We are not. We must be conscious of the fact that there is a possibility that we would get it at some other time. Mas mabuti na 'yang may mask and the other health protocols of cleaning your hands and all of these things that the medical people gave us by way of 'yung mga protocols and advices.

Ako, there is no way of telling whether or not it has ended. It's still in the air, we are not guessing because we know that the — 'yung COVID-19 nandito. We can only guard against a resurgence by way of a new variant which we are not at the meantime able to really project baka magbalik nga o hindi.

Better be on the side of prudence and maintain the protocols of washing of the hands and itong whether or not crowds are okay now. Ang Task Force nagsabi that we can have a normal life, go about our ways, but then again, I said that it would be better if we maintain the requirement of wearing a mask.

And so ako, that will be a mandatory requirement until the last day, until I go out of the presidency. Iyon na lang maiwan ko. Magsabi nang iba

masyado akong strikto. Eh mas mabuti't na lang magdaldal kayo at ako rito kung ano lang ang tama.

Anyway, wala namang mawawala sa'yo. Many are really complaining about the mask, a good number. But you know, it has to — even sa empirical data, not the scientific — na talagang maraming nagma-mask and there's a low number of COVID cases.

Kung ganoon ang mangyari, we maintain it. And I said I will require it until the end of my term. After that, bahala na sila kung anong gusto nila. We would — I would no longer in a position to govern. Part of that is really governance, it is not something which I pick out of the blue and say gawain ninyo 'to. There's always a basis for that and it's the pandemic. Now, whether I am too strict about it, eh kaunting bagay lang 'yan. Eh it will go away, I know, but it is not the time to be complacent.

So we go now to the ongoing elections sa ating mga — sa Pilipino abroad. From all indications, I am told that it is proceeding well and that the voting itself was a good exercise for everybody.

Ngayon, 'yun lang man ang mga reminders ko. I said just be vigilant. I'm worried about the ditong — itong nangyayari sa ibang lugar. It has to be a variant, different from the original one. So we have to maintain kasi may — may nagsu-surge nga sa labas. It could happen here if we get reckless.

And so the protocols will remain in place. 'Yun lang ang nasa isip ko at saka let me say a word or two about... Totoo talaga itong climate change. Noong una hindi ako maniwala but 'yung — of recent memory, 'yung ano lahat ng — marami akong bagyo na...

Kaya kami noon sa mga taga-Davao 'pag may bagyo dito noong estudyante pa kami, happy kami kasi nakikita namin kung ano ang bagyo. Hindi namin — wala kaming bagyo sa taga-Mindanao so the first time that we experienced it here — hindi naman we enjoyed it but we really — well, tinitingnan namin ito pala 'yung typhoon.

So totoo ito and again itong Climate Change Commission or something, it is an international effort of reducing the carbon footprint sa mga factories and all. Alam mo ito lang ang — ito lang ang masabi ko, ang requirement ng mga sa climate change is for us all to reduce the carbon being put out in the air pero footprints tawag nila. The industrialized countries are spewing

— sila 'yung mga pinakamaraming factory, and in some industrialized places, halos every kanto may factory.

I would not want to mention the countries because kaibigan man natin lahat. But unfortunately, sila 'yung biggest contributor ng carbon emissions dito sa mundong ito. Ang Pilipinas — sa Davao nga eh you can count by the fingers of your hand the number of factories there and the pollution that it's causing to a certain extent. Pero 'yung ating carbon emissions is just point zero something. While 'yung mga industrialized countries malaki ang binubuga nila. May double digit pa eh.

Ang problema, the consequence is being suffered by all. At sa malas nito, sila 'yung pinaka — biggest pollution na ginawa, tayo kakaunti lang, iilan lang man ang factory dito maski sabihin mo na magpunta ka sa nearby provinces wala tayo, little or nil, to nothing.

Iyong mga countries na maraming factories sila 'yung — and yet, you will see that the result or the consequence of pollution, number one niyan is created by, I said, the factories and all even cars, pinakamaliit tayo pero tayo ang pinakamasaklap dito sa medyo sa baba.

Now, the Philippines is located in the tropical zone. Ang ating bayan is the window na galing Pacific. If there is a warming of climate there with the mixture of the cold and hot temperatures, ayan tinatamaan tayo. At tayo talaga ang nagbabayad nang malaki, parang 'yung ano ng mga — 'yung resulta ng mga pollution ng ibang countries tayo ang sumasalo. Pagdating sa damage tayo rin ang pinakakawawa. Simply because we are situated dito nga, we are facing the Pacific Ocean at pagpasok niyan tayo ang — tayo ang bintana. We are the window of the entire eastern Asia.

So 'yan ang bakit tayo magtiis. Dapat ang mga mayaman na hindi tinatamaan ng destruction caused by itong pollution, bayaran nila tayo for the damage, or dapat silang mag-ano talaga na maggawa sila ng anong paraan na ma — at least equalize 'yung... Iyong damage natin mas malaki

tapos maliit ang ating contribution doon sa climate change. Iyan ang isang problemang kaharapin ng Pilipinas for the next generations to come. Unless there is a radical change of the weather patterns, mahirapan tayo dito sa Pilipinas.

We average something like 20 typhoons a year, malaki tapos maliit. But all in all, on the average, malaki `yung — malaki na `yung siguro kung masuwerte tayo mga 15, 12. But sabi ng mga weatherman — weathermen, pinakamahina `yang 20 lalo na itong climate change — with the advent of climate change. So `yan lang ang tandaan natin and I will be here only for a few days and I will go out.

I hope that the next administration would — mas maganda ang ano nila, the preparation or whatever efforts that would contribute to, at least, remedy the situation. Itong Climate Change Convention, ito ang inaano sa atin na palagi tang — palagi tayong nasa huli. But with that, I leave it I said to the next administration na alam ko mas makaya pa nila kaysa akin. Sa anuman magawa ko itong typhoon na ito, hindi ko man ito mapigilan.

But there has to be a... I really do not know what... Mine is that `yung mga industrialized countries na hindi tinatamaan ng mga typhoons and calamities pero sila `yung pinakamalaki na contributor ng carbon emissions, eh magbayad sila. Kasi ang tama grabe ang sa atin. Tapos pareho lang tayong mga — if there's such a word "polluters", mas malaki naman ang ating hinaharap. Iyan lang po ang masasabi ko sa araw na `to.

And let us go now to the wider view of things that's affecting our country. I would like, again, to call — he would be a permanent fixture in itong mga "Talk to the People" because we have to communicate with the people and the people must understand why itong mga ito nangyayari ngayon. So I'd call on Secretary Duque to...

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go and fellow members of the Cabinet; at higit sa lahat, sa atin pong mga kababayan.

Ako po ay muling mag-uulat patungkol sa pinakabagong mga updates para po sa ating COVID-19 response at maging ilang mga paalala tungkol sa papalapit nating immunization activities po ng Department of Health. At ako din po ay magbibigay ng ulat tungkol sa mga pinakabagong mga variants mula po sa Omicron.

At ang World Immunization Week ay — kung inyong mamarapatin — ay gagamitin ko ang pagkakataon para ipaalala sa ating mga kababayan ang kahalagahan ng atin pong immunization program para po sa ating mga kabataan para maiwasan po ang tinatawag na vaccine preventable diseases and deaths.

Ngayon, sa atin naman pong datos patungkol sa COVID-19. Makikita po natin dito na mula April 12 to 18, nakapagtala po tayo ng 1,571 cases. At ito po ay mababa kumpara doon sa nakaraang linggo na kung saan nagtala tayo ng 1,902. Ang katumbas po niyan ay ang daily average cases na 224.

Kanina po ang ating pinakahuling ulat, bumaba na po tayo to 170 cases. Halos ito'y pumantay na doon sa pinakamababang bilang ng kaso noong nagkaroon po tayo ng Delta surge noong bandang December ay bumagsak na po below 200 at ganoon din po ay umabot na po tayo sa ganoong level.

Ngayon, pagdating sa new severe and critical cases, mayroon lang po tayong nadagdag na isang kaso. Nangangahulugan talagang epektibo 'yung ating vaccination and booster doses.

At ang ating cumulative case fatality rate ay nananatiling mababa at 1.63 percent. At ang atin naman pong cumulative recovery rate ay nasa 97.83 percent. Mayroon po tayong naitalang 6,953 recovered cases sa loob po ng April 12 to 18 na reporting period.

Ang ating positivity rate ay nananatiling mababa sa 1.6 percent and very much below the five percent that is the standard ng WHO na acceptable positivity rate 'no, so we are just at 1.6. Samantalang ang ating seven-day average ng testing output, nasa 16,550 tests per day.

Pagdating naman sa healthcare utilization rates as of yesterday, April 17, ang non-ICU utilization ay nasa 16.9 percent. Ito 'yung non-ICU beds. Samantalang ang ICU beds nasa 15.8 percent, 450 out of 2,842 beds ang

okupado lamang. Samantalang ang severe and critical cases na na-admit ay 664 over 5,793 total admissions or an 11.5 percent rate.

Samantalang ito naman pong nasa kanan ang mga top three na mga rehiyon na nakapag-ambag ng pinakamataas na mga bagong kaso covering the same period, April 12 to 18: NCR, 606; Region IV-A, 226; and Region III, 181. Iyong top three areas of new cases: ang Cavite ay nagbigay ng 101 na bagong kaso; Manila, 92; Quezon City, 82.

[Next slide.]

Ito naman po, Mr. President, ang atin pong ulat patungkol sa apat na umuusbong na mga emerging — or Omicron sub-variants or sub-lineages sa Asia, sa Europe, and Africa.

At ang XE variant, 'yan po, ay kombinasyon ng BA.1 and BA.2. Ito po ay ang tinatawag nating recombinant variant na parang nagsanib puwersa itong dalawa na ito na sila po'y natukoy noong January 2022 sa United Kingdom ang nauna na natukoy itong sub-variant na ito. At sa Pilipinas, wala pa ho tayong natukoy na XE sub-variant.

Iyon po, United Kingdom, 479; sa USA, tatlo; sa Denmark, isa; Ireland, isa. Mukhang dahil January nakita na ito, parang low detection rate siya. So kaya parang hindi pa po talaga nagpapakita ng ika nga serious characteristics ng variant na ito.

So of course, 'yung transmissibility niya based on the observations 'no and the studies, ang kanya pong tinatawag na growth advantage or more transmissible by 20.9 percent kumpara sa BA.2, 'yung pangalawang sub-variant ng Omicron.

At sa BA.2.3 naman o kilala ito dati na BA.2, ito po 'yung predominant na variant sa atin sa kasagsagan ng Omicron natin noong January. Ito ay kumalat sa Asia, kasama ang Pilipinas. At una itong natukoy sa bansa noong December 2021.

At nakapagtala po tayo ng 1,203 na kaso sa kasalukuyan at iba pang mga bansa sa Asya kung saan na-detect ay kinabibilangan: ang Japan; ang Israel; Brunei; India; South Korea; Indonesia; Malaysia; Singapore; Vietnam; Cambodia; Thailand; pati na rin ang Hong Kong Special Administrative Region; at mayroon din BA.2.3 na natuklasan sa 63 pang ibang mga bansa o teritoryo sa mundo.

At ang huli naman ay 'yung ating tinatawag na BA.4 and BA.5. Tinututukan din natin itong dalawa na ito na unang natukoy naman po sa South Africa, at BA.5 na unang natukoy naman sa India.

Ang mga ito ay itinuturing na separate sub-lineages ng Omicron variant dahil sa nakitang mutations sa respective spike regions nito. At sa kasalukuyan, wala pang ebidensiya na may pagkaka --- pagkakaiba ito sa transmissibility at immune evasion, 'yang immune escape kung tawagin kumpara sa original na Omicron variant.

So dalawa na lang po.

[Next slide.]

Ibig ko pong samantalain ang pagkakataong ito, kung inyo pong mamarapatin, Mr. President, 'yung observance ng World Immunization Week. Kaugnay po ng aming panawagan sa lahat na magpabakuna laban sa COVID-19 sa darating na April 24 up to the 30th ay ipagdiriwang natin itong World Immunization Week na may temang: "Magpabakuna na! Long Life for all, kaya sa Healthy Pilipinas!". At layunin po nito na isulong ang pagbabakuna sa ating mga buntis, sa mga bagong silang, kabataan, at mga matatanda laban sa mga nakamamatay na sakit.

Nais nating iparating sa bawat Pilipino na ang pagbabakuna ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat upang magkaroon ng mahaba at malusog na buhay; ang mga bakuna ay ligtas at epektibo para sa buong pamilya; nagbibigay proteksiyon sa buong komunidad; at mga bakuna ay libre sa atin pong mga health centers.

At para sa ibang bakuna na ibinibigay ng libre ay bukod sa routine immunization or bakuna para sa sanggol, ito ay ang mga sumusunod 'no: sa mga school-aged children at adolescents, nagbibigay tayo ng measles-rubella, ang tetanus-diphtheria, and the human papillomavirus or papillomavirus vaccine, ito po ay sanhi ng cervical cancer. Sa mga buntis naman, binibigyan natin sila ng bakuna para sa tetanus and diphtheria; at sa mga senior citizens naman nagbibigay tayo ng pneumococcal polysaccharide vaccine; at inactivated influenza vaccine.

Alam niyo po, Mr. President, sa mga nakatatanda kahit na 'yung common cold o 'yung mga common viral influenza ay puwedeng makamatay kapagka mahina ang kanilang katawan, mababa ang resistensiya ay nagkakaroon din sila ng pneumonia.

Ang pagkakaroon ng mahaba at malusog na buhay ng bawat Pilipino ay posible sa pamamagitan ng mga libreng serbisyong pangkalusugan na makukuha sa inyong mga health centers at iba pang pasilidad ng gobyerno.

At panghuli na lang po, 'yun namang aming panawagan doon sa paglunsad ng National Vaccination Day for Routine and Catch-Up Immunization ay ito po ay tugon sa patuloy na banta ng mga sakit maging sa ating mga chikiting, sa ating mga kabataan, ay ilulunsad din po ito, Mr. President. Tatawagin po natin itong "Chikiting Bakunation Days" na may temang, "Una sa Lahat, BakUNA! Kumpletuhin ang Bakuna ng mga Bata para sa Kumpletong Proteksyon!"

Ang atin pong layunin dito o pinupuntirya ay mabakunahan ang 80 porsiyento ng mga natitirang more or less 1.1 million infants na hindi po sila nakapagpabakuna through the routine immunization noon pong nagdaang 2021 — taong 2021.

Ngayong Abril ay uumpisahan natin ito sa ating mga piling probinsiya na may naitalang pinakamababang immunization coverage at ito ay magtutuloy-tuloy sa buong bansa sa darating na Mayo at Hunyo.

Ilan sa mga bakunang maaaring makuha ng inyong mga anak ay ang BCG vaccine, ang hepatitis B vaccine, ang pentavalent vaccine, ang oral polio vaccine or OPV, ang inactivated polio vaccine or IPV, at 'yang pneumococcal conjugate vaccine or PCV; at pinakahuli at mahalaga, 'yung measles, mumps, rubella vaccine or MMR.

At ang mga sumusunod na mga buwan ay kritikal na mga oras upang maiwasan ang anumang outbreaks at iba pang vaccine-preventable diseases. Ang kumpletong bakuna ay nananatiling pinakamabisang laban sa mga sakit kaya tinatawagan po namin ang bawat magulang at mga tagapag-alaga ng ating mga chikiting na pumunta sa kanilang pinakamalapit na vaccination sites para sa libreng bakuna.

So bilang po sa pagbubuod, Mr. President — *[last slide]* — nakakakita na naman tayo nang dahan-dahan na bahagyang pagtaas ng mga kaso sa 14 na mga lugar under Alert Level 1 areas at binibigyan po natin nang paulit-ulit na paalala.

At maraming salamat po, Mr. President, dahil talagang nasunod ang taong-bayan sa atin pong disiplinadong pagtalima doon po sa minimum public health standards at ang atin pong vaccination program against COVID-19 para maibsan ang surge o pagtaas muli ng mga kaso, maibsan ang mataas

na hospital admissions, at ang patuloy na proteksiyong taglay ng mga bakuna para po sa atin at sa atin pong mga mahal sa buhay.

At ang panghuli ay hinihikayat po natin, inaanyayahan ang publiko na suportahan ang ating pagdiriwang ng World Immunization Week nitong Abril 24 hanggang April 30 — 24 to 30, at pagdaraos ng National Vaccination Days for Routine and Catch-Up Immunization sa huling Huwebes at Biyernes ng Abril, Mayo, at Hunyo.

So dito po magwawakas ang akin pong pinakahuling ulat patungkol po sa COVID-19 response at mga iba pa pong mga mahahalagang programang pangkalusugan na kinakailangan po maiparating sa atin pong mga kababayan.

So maraming salamat at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: Any question for Secretary Duque? Kung wala, I'll go to Secretary Galvez to report on the National Vaccination Program updates. Sir, ikaw.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; fellow Cabinet members; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang ire-report po natin ngayon ay ang activity natin ng during the Holy Week na kahit na po Holy Week last week, tuloy-tuloy pa rin po ang bakunahan, Mr. President.

[Next slide, please]

As of April 17, a total of 144 million doses were already administered at mayroon na po tayong more or less 80 million already received the first dose at 66.8 million already received the second dose.

Pero kung titingnan po natin, Mr. President, mababa pa rin po talaga 'yung ating booster na mayroon lang po tayong 12.6 million. And also, maganda na po naman po 'yung ating 12 to 17 years old with at least first dose, mayroon na po tayong almost 10 million. Sa 5 to 11, naghahabol pa rin po tayo, mayroon na po tayong 2.6 million.

But maganda po ang ating ano as we reported last week, maganda po ang coverage natin from 18 to 59 years old, ito po 'yung adult population. At mayroon po tayong more or less 94.28 percent with 52 million already had the first dose.

For the 60 years old above with the first dose, mayroon na po tayong 6.9 percent. Ibig sabihin po medyo tumataas na rin po 'yung ating coverage sa ating mga tinatawag nating vulnerable sector.

[Next slide, please.]

So ito po na-report na rin po 'to noong last week. Nakikita po natin na medyo umaangat na po 'yung Region XII at ang kanila pong coverage ay nasa 65.2 million na po 'yung at least mayroon na pong first dose, at 58, almost magsi-60 percent na po ang kanilang fully coverage.

Ang medyo talagang — sadly to say that itong ano po, parang nag-plateau 'yung BARMM na hindi umuusad. Nandoon pa rin sila sa 27.28 percent kaya po nagpunta tayo noong last week doon po sa BARMM.

[Next slide, please.]

So ito po 'yung mga significant activities na nangyari po last week. Ito po ay ang naaprubahan na po ang — ng FDA ang pag-administer po ng fourth dose or 'yung second booster. Ito po naghihintay na lang po tayo ng HTAC advice at saka 'yung tinatawag nating 'yung positive recommendation nila. But Usec. Myrna of NVOC already prepared the DOH-NVOC guidelines.

So nag-visit po tayo sa Cotabato City at doon po in-explain natin po sa kay Chief Minister Murad at ang nandoon rin po si Minister Iqbal at ang other ministers sa BARMM. And we really specified your guidance, Mr. President, na kailangan mag-lead na po ang BARMM para sa mga special vaccination days para po 'yung five provinces at saka tatlong cities ay maiangat po ang kanilang bakunahan considering na sila po ang pinaka-vulnerable.

At nakita po natin sa report ni Secretary Duque na umaangat na rin po 'yung mga cases doon po sa BARMM considering also the — ngayon po nagra-Ramadan po sa kanila at mayroon po tayong tinatawag nating mga superspreader events katulad ng mga tinatawag natin na pagpasok po sa mga mosque.

At natutuwa po kami dahil kasi iyong ating NCR and also other areas na kahit na po na Lenten season, lalo na po noong during Saturday and Sunday, karamihan pa po 'yung iba nagbabakuna po sa Quiapo Church at saka sa mga iba-ibang mga simbahan.

At itinataon po nila na maraming nagsisimba at iyong iba po, nagiging ano na po na magpabakuna after po na magsimba at saka during nagsisimba. And then nagpapasalamat din po tayo sa Qatar government dahil kasi nalaman po nila na talagang kailangan po ng BARMM ang tinatawag nating example countries na katulad ng Qatar at saka UAE na talagang napakataas na ang kanilang vaccination.

In fact, ang UAE po ay ang lahat po ng tao doon, more than 10 million, ay mayroon na pong fourth dose. So nag-donate po sila ng 75,000 doses of Sinovac as a sympathy to our ano to our Muslim brothers.

So continuous pa rin po ang mga meeting po natin para ma-manage po natin 'yung supply and demand and administration kasi nakita po natin na mayroon tayong adequate supply pero bumababa po ang demand.

Maganda po ang administration po natin dahil kasi ang ating mga vaccinators at saka mga healthcare workers, they are willing to go to the last mile na nagha-house-to-house na po sila. And then pini-perfect po nila 'yung ano 'yung ating national vaccination deployment plan para po ito gagamitin para sa transition sa next administration.

[Next slide, please.]

Sir, may maganda ring balita na iyong G20, ito po 'yung big economies ng 20 countries, they acknowledged po that the Philippines is an example country in the acceleration of the vaccine deployment. Nakikita po natin na — na-cite po dito na despite the challenges that we had na napakababa po ng ating coverage at saka ang tinatawag natin — napakababa ng ating supply during the early stages, but we were able to accelerate itong ano itong vaccination po natin. And nakikita nila na sinasabi nila na we were able to remove — to increase the coverage 'yung mga obstacles na nakikita natin at alam natin na marami tayong obstacles na nangyari noong magkaroon tayo ng mishap po sa Dengvaxia.

Ito po napalaki pong karangalan sa Pilipinas kasi ito po ay napakalaking evaluations ng UNICEF, GAVI, and the international community na nilalagay ang Pilipinas na isang ehemplo in terms of reducing vaccine hesitancy and increasing demand for COVID-19 vaccination including the risk communication and community engagement.

Ito po nagpapasalamat po tayo sa ating mga LGUs, kay DILG, sa ating ano sa ating mga comms. Gusto naming pasalamatan si Sec. Martin, ang ating PCOO, na talagang tuloy-tuloy po ang pagde-deliver ng information and education sa ating mga kababayan.

At nagpapasalamat din po kami sa media group at sa ating mga strategic communication, nagpapasalamat din po kami sa private sector dahil napakababa po ng ating willingness noong una, umaabot lang tayo sa 36 percent. Napalakas po natin 'yun hanggang magkaroon po ng 87 percent na tinatawag nating willingness.

So sir, Sec. Andanar, at saka sa ating dating CabSec, maraming, maraming salamat po.

[Next slide, please.]

Ito po ang nakikita po natin na ni-report po ni Sec. Duque na almost all areas nationwide are already categorized as minimal risk with no significant area under granular lockdown despite the loosening of our border controls and presence of superspreader events like we have already had the Lenten season, the Ramadan, and the enormous political rallies by the different presidential candidates.

At sa ngayon po, nakikita po natin na iyong tatlong region na four out of 17, iyong karamihan po ditong mga regions na 'to, mga kulang lang sila ng mga isa o dalawa na provinces para ma-complete na po 'yung Alert Level 1. Pero sa tatlo po — iyong NCR, Region I, and Region III, 'yung most populous regions are all in Alert Level 1.

Ang kagandahan din po is halfway na po tayo na more or less half of our provinces, 48 percent, are already in Alert Level 1. Ang kagandahan po, Mr. President, tatlong city na lang ang highly urbanized city o 'yung tinatawag nating independent chartered cities: General Santos, Cotabato City, at saka City of Isabela na lang po are the only cities not included in Alert Level 1.

And out of 1,200 municipalities ay mayroon na po tayong 300 municipal at saka component cities na nandoon na po sa Alert Level 1. And hopefully, iyong iba, maka-gather na po ng 70 percent na fully vaccinated and 80 percent sa ating mga seniors so that we can have all our ano our areas under Alert Level 1.

[So next slide, please.]

So ito po, dahil sa ating masigasig na pagbabakuna sa ating mga tinatawag nating mga vulnerable sector, we will still maintain our focus on vaccinating the remaining 1.8 million population of seniors. Ito po ang pinaka talagang mahigpit na direksiyon ng ating security — ng ating DOH Secretary Duque. Ito po talagang na-cite ito ng world community na talagang focused na focused tayo sa mga vulnerable areas.

Ang pangalawa po nating strategy or tinatawag na priority is to improve the vaccine coverage of the BARMM at saka po ng Region XII. Ito ginagawa na po natin ng NVOC.

And then number three is to provide second boosters for vulnerable sectors. Ito po ang sinasabi nga natin na kailangan talagang pangalagaan natin ang the most vulnerable: iyong seniors at saka po 'yung may comorbidities at saka ang ating mga healthcare workers.

The number four strategy or priority that we have is to improve our effort in providing booster shots to the general public. At least ang ano po natin target po natin iyong target natin up to the end of the year na 40 million ay makuha pa rin natin.

And then we wanted to accelerate our pediatric vaccination particularly iyong 5 to 11 and also provide boosters for 12-17. Ito po ang inaatay po natin ang approval ng amendments ng FDA.

Iyon lang po, mahal na Presidente, at lastly iyang paalala lang po natin sa ating mga kababayan na iyon nga po ang sinasabi ng ating mahal na Presidente, kung mahal natin ang ating bayan, at ang inyong pamilya at sarili, magpabakuna na po tayo.

Marami na po tayong nakuha na bakuna at talaga pong nagpakahirap po tayo doon at marami pong nag-donate na mababait na mga countries.

Huwag po natin sayangin ang ating mga pinaghirapan at iyon po ang inaano po natin sa aming mga fellow citizens na lalo na 'yung mga vulnerable people na dapat magpabakuna po tayo.

Huwag po natin sayangin ang ating magandang nangyayari po ngayon dahil kasi ang ano po natin is mapanatili na po natin na mababa ang ating mga cases at saka ang ating death level, at tuloy-tuloy po na magkaroon po tayo ng magandang ayuda sa ating ekonomiya.

So iyon lang po, mahal na Presidente, at marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, sir.

Tatlo lang tayo. So the last will be Secretary Año on the LGU vaccination, the minimum public health standards, accomplishments of the anti-illegal drug campaign, and election-related reports. Sir? It's your turn.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; fellow Cabinet Secretaries; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang akin pong unang iuulat ay ang ginagawa ng ating LGUs sa inyo pong pag-uutos noong April 5 na magsagawa ng house-to-house vaccination campaign sa lebel ng lokal na pamahalaan upang maibigay ang COVID-19 vaccines sa ating mga hindi pa nababakunahan lalong-lalo na po sa mga senior citizens.

Kaya naman gumawa agad ng paraan ang frontliners sa mga barangay, munisipyo, at siyudad sa buong Pilipinas mabigyan lamang ng tamang dose ang ating mga kababayang hindi pa nakakapagkumpleto ng kanilang mga bakuna hanggang sa ngayon.

Kaya malugod ko pong ibabalita na ayon sa datos na ating natanggap ngayong araw, out of the 1,634 LGUs, 750 cities at municipalities ang nakakapagsagawa ng house-to-house vaccinations.

Sa ngayon po ay kinukuha pa natin ang validation kung ilan po ang nabigyan ng bakuna sa 750 cities at municipalities na ito at agad nating iuulat kapag nakuha ang mga datos. Nais po nating ipagpatuloy ito at hinihikayat pa natin ang iba pang mga LGUs na magsagawa ng house-to-house vaccination upang makarating ang mga bakuna sa mga kinakailangan.

[Next slide, please.]

Mr. President, mula po April 10 hanggang April 16, sa kauna-unahang pagkakataon ay wala nang naitalang granular lockdown sa buong Pilipinas. Last week po ay mayroon pa tayong anim na under granular lockdown, ngayon po ay wala na. Kaya ang kapalit naman nito ay pursigido nating ipinapatupad ang minimum public health standards.

At sa nasabing panahon, makikita po natin na bumaba rin po ang mga violations sa not wearing the face mask. Ito ay bumaba ng 15.69 percent. Although tumaas nang kaunti ang mass gathering sa mga Alert Level 2 areas pero bumaba pa rin po sa no physical distancing ng 47.12 percent or 3,002 violations. Patuloy nating ipapatupad ang minimum public health standards para siguraduhing hindi po magkakaroon ng transmission ng COVID-19.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa illegal drugs kasama po ang iba't ibang ahensiya katulad ng PNP, PDEA, AFP at NBI, ang ating pong mga law enforcement agencies ay nakapagsagawa ng 867 anti-illegal drug operations mula April 10 hanggang April 16; 1,227 na mga indibidwal ang kanilang naaresto. Habang 108 naman ang kusang sumuko sa mga awtoridad. Mayroong naitalang tatlong patay sa magkakahiwalay na operasyon kontra sa iligal na droga. Sa kabuuan, Mr. President, ay umabot ng P150 million na worth of shabu at marijuana ang nakumpiska mula sa nasabing panahon.

[Next slide, please.]

Sa parte naman po ng election campaign period, muli po nating hinihingi ang kooperasyon at pang-unawa ng ating mga kababayan sa patuloy na operasyon ng mga election checkpoints na itinayo ng ating PNP kasama ang Armed Forces of the Philippines at ang Commission on Elections. Kasalukuyang naka-deploy ang 5,187 COMELEC checkpoints na binubuo ng 39,887 policemen and policewomen sa iba't ibang bahagi ng bansa.

At alinsunod sa COMELEC Resolution No. 10728, patuloy rin ang implementasyon ng gun ban nationwide. Sa katunayan, bahagyang dumami ang mga nai-surrender at nakumpiskang armas at iba pang mga ammunitions, pati na ang mga nahuling lumabag sa gun ban directive ng COMELEC ayon sa pinakahuling ulat ng Philippine National Police.

As of April 18, umabot na sa 5,809 ang bilang ng mga armas na isinurrender (surrender), 2,536 naman ang naitalang bilang ng gun ban violations. At sa atin namang mga nakumpiska, mayroong umaabot ng 2,013 firearms, 974 deadly weapons at 10,000 plus ammunitions.

Sisiguraduhin po natin na magiging mapayapa, maayos, at ligtas ang ating mamamayan sa pagdaraos na halalan sa Mayo 9, 2022. Iyan lamang po, Mr. President, at magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. So that is all that for today, 'yun na 'yung report namin. Wala namang ibang events dito na dapat i-amplify pa namin sa inyo. As the need would arise, we will do it. If there

are things that — or events na gusto naming i-amplify for further knowledge or understanding by the people, we will do it.

This is just a regular meeting until the end of my term. Purpose here really to tell you the truth. Kaya nga maraming truth eh. Sabi ko dito lang kayo sa gobyerno ang truth kasi hindi naman kami binabayaran dito magsinungaling.

We are here to work and to tell you the truth, whether you like it or not for as it is the truth, hanggang diyan lang tayó. Whether it could really be a reflection of bad or good, still, we will be frank with you. Iyan ang inaasahan...

By the way, elections are — well, the election is — election day is malapit na. Kaming taga-gobyerno na naiwan, who are not candidates anyway and who are out of job by two months from now, mayroon kaming trabaho. Ang trabaho namin is to keep order dito sa bayan natin na para plastado lahat.

There must be peace, there must be law and order. Ang pangako namin sa lahat, sa inyo, is that the reason why I refuse to choose a particular candidate to support was simply para makita ng tao na neutral ako. Even though I have a party, pero nagdistansiya muna ako, except those mga rallies, nakita ko na mahina `yung mga kandidato sa PDP. But aside from that, over and above all of these things is the fact that we are tasked by the Constitution to see to it that the elections are in order.

So ang pakiusap lang namin sa kapartido namin pati sa pulitika sa kabila is for us to follow the rule of law. Hindi kami ma — I will not side with anybody. We will be neutral and that is — goes for the entire economic and political setup na walang pera diyan, mawala na `yung... None of those things because we are not — we are not here to do wrong, kung ano lang `yung tama.

At `yan ang isa diyan is the intimidation and sow fear among the population. Second is `yung — which is, really ought to be the first warning is that we will not countenance or allow `yung disorder nor intimidation, nor violence.

We will remain neutral and we'll see to it that the true will of the people lalabas sa election na 'to.

So walang takutan, walang... We have decided. I've communicated this with the Cabinet that ang rules should really be followed 'yung Alunan doctrine na lang kasi mas maganda 'yun that more than two bodyguards would be considered a private army.

So kung sino man 'yung mga kandidato, you limit yourself. And if you think that there is danger to your person in a certain place or a certain person, ipatawag ng RD 'yan or ipatawag ng chief of police at kausapin na iwasan lang 'yung away lalo na maggamit ng armas. The law enforcement and all are mandated to 'yung armas without the — without — siguro the license plus the COMELEC permit is important.

Kung wala ka niyan, you will be arrested and prosecuted for violation of the election laws. Kung walang lisensiya, ay may patong na 'yan, illegal possession, that's another thing but with the same consequence is that you'll go to prison.

Iyon lang po. Ang pakiusap namin is do not initiate or begin to — iyong iba diyan mag-ambush-ambush. Well, puwede man ninyong gawain 'yan pero sasabihin namin ngayon sa inyo na hindi kami papayag dito na inatasan ng Constitution to see to it that the elections will be fair and honest. Inaasahan namin ho na nakikiusap ako na sundin lang ninyo ang batas kasi 'pag hindi, may kalaban ka. 'Yung kalaban mo sa pulitika, kalaban mo pa 'yung gobyerno, ay doble na 'yan.

It will be taken against you by the people. Magpa — magpauna-una ka diyan ng... Hindi na uso 'yan ngayon so let us start to behave. Maybe in the past elections pumayag. Ako hindi ako papayag. Ang sabi ko sa inyo, as I have done it before, pupuntahan kita and ask you why you cannot behave properly in this election? Talagang pupuntahan kita. Private army? I will arrest you and your bodyguards because I said that is — 'yung mabuti't na 'yan the lesser people with arms with you, the better.

Kung may fears ka then let the — you might write to the COMELEC or let them know and to the police and military. Hindi naman tayo nagkulang sa ano. Kung takutan, wala 'yan. It's out of the question. And kasama 'yan from Abra to Jolo 'yan.

Tandaan ninyo, hindi kami papayag sa gobyerno na magkaroon ng terrorism sa election. Wala kaming — wala kaming kinakampihan at inaasahan namin at magbigay naman kayo ng — hindi sa amin — not to us really, but to honor the rules of electing our leaders, ibigay mo sa tao 'yan. Kami taga-enforce the law and we will enforce it. Maniwala kayo't sa hindi, totohanin ko kayo, we will enforce the law to make the election peaceful.

Salamat po sa inyong lahat. *[applause]*

— END —